Ang lahat ng kalipunan ko ay mapagpapaumanhinan maliban sa mga naglalantad [ng kasalanan]

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang lahat ng kalipunan ko ay mapagpapaumanhinan maliban sa mga naglalantad [ng kasalanan]. Tunay na kabilang sa paglalantad [ng kasalanan] na gumawa ang tao sa gabi ng isang [masamang] gawain pagkatapos magpaumaga siya habang napagtakpan na siya ni Allāh roon saka magsabi naman siya: 'O Polano, nakagawa ako kahapon ng ganito at gayon,' habang nagpamagdamag nga siya habang napagtakpan na siya ng Panginoon niya at mag-uumaga siya na magbubunyag ng pinagtakpan ni Allāh sa kanya."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Muslim na nagkakasala ay maaasahan sa kanya ang paumanhin ni Allāh at ang kapatawaran Nito maliban ang naghahayag ng pagsuway dala ng pagmamayabang at kabastusan sapagkat hindi siya nagiging karapat-dapat sa paumanhin yayamang gumagawa siya ng pagsuway sa gabi, pagkatapos mag-uumaga siya habang napagtakpan na siya ni Allāh saka nagsasanaysay naman siya sa iba sa kanya na siya ay gumawa ng gayong pagsuway kahapon habang nagpamagdamag nga siya habang napagtakpan na siya ng Panginoon niya at mag-uumaga siya na magbubunyag ng pinagtakpan ni Allāh sa kanya!

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3756